I. **SALIGAN**

A. **Pamagat:** Tatlong Kuwento ng Buhay ni Julian Candelabra

B. **May Akda:** Lualhati Bautista

C. **Uri ng Akda:** Ito ay isang maikling kwento na tungkol sa buhay ni Julian Candelabra.

D. **Mga Tauhan**

**Pangunahing Tauhan:**

**-Julian Candelabra**

Si Julian Candelabra ay anak ng isang mag-asawang mahirap.

**Pantunggaling Tauhan:**

**- Aling Sandra**

Si Aling Sandra ay ang maperang nanay ng kalaro ni Julian at ang nakahuli kau Julian habang ninanakawan siya nito.

**- Aling Connie**

Si Aling Connie ay ang babaeng laging inuutusan si Julian at ang nang-akit sa kanya.

- **Mang Felix**

Si Mang Felix ay ang asawa ni Aling Connie na humabol ng itak kay Julian nang malaman niyang may nangyari sa kanila.

- **Amo sa restowrant**

Siya ay ang amo sa restowrant na hindi maganda ang trato sa mga waiter.

**Mga Pantulong na Tauhan:**

**-Mga magulang ni Julian**

Ang mga magulang ni Julian ay ang siyang nagbibigay ng leksyon sa kaniya.

- **Bong**

Si bong ay kalaro ni Julian at anak ni Aling Sandra.

- **Mga katrabahong waiter**

Sila ang tumulong kay Julian na maunawaan ang sitwasyon nilang mga waiter.

E. **Tagpuan**

Ang maikling kwentong ito ay nahahati sa tatlong panahon, noong kabataan ni Julian, noong labimpitong taon siya at nang nasa edad na siya upang magtrabaho. Ang maikling kwento ay naganap sa kanilang tirahan at sa restowrant.

## II. BUOD

- Si Julian ay nagmula sa isang mahirap na pamilya. Kalaro niya si Bong na anak ng maperang si Aling Sandra. Laging inuutusan ni Aling Sandra si Julian at binabayaran niya ito. Pinagkakatiwalaan niya si Julian kaya't iniiwan niyang bukas ang lagayan niya ng pera kahit na si Julian ay naroroon. Isang beses ay nagawang kumuha ni Julian ng pera sa pitaka ni Aling Sandra upang bumili ng sisiw para may panghanda ang kanyang ama sa kaarawan nito. Nahuli siya ni Aling Sandra at sinumbong siya sa ama niya. Binugbog siya ng ama niya. "Hindi lang po napigilan ang sarili ko, Tatay!" ang sabi niya. Naging usap-usapan siya ng mga tao.

- Naging mailap siya sa mga tao hanggang limang taon na ang lumipas. Akala niya ay may taong muling nagbigay na ng tiwala sa kanya, si Aling Connie. Lagi siyang inuutusan nito. Isang gabi, inaya siya ni Aling Connie na kumain sa bahay nila dahil wala si Mang Fellix at hindi siya masasaluhan sa pagkain. Inakit siya ni Aling Connie at may nangyari sa kanila. Nalaman ito ni Mang Fellix sobrang nagalit ito. Nagalit din ang ama ni Julian. "Hindi lang po napigilan ang sarili ko, Tatay!" muling sabi niya.

- Pumasok sa pagiging waiter si Julian dahil naawa siya sa magulang niya. Naging temporary waiter si Julian sa isang restaurant. Akala niya ay makakakain siya ng mga mamahaling putahe doon ngunit hindi pala sagot ng restaurant ang pagkain ng mga waiter. Sabi ng dati pang waiter doon ay makakakain naman daw sila ng mga pagkain doon, at mga tira-tira ang tinutukoy niya. Sa paglipas ng panahon ay nagtaka siya kung bakit ang lumiliit ang sahod nila. Nagtanong siya at sinabihan siyang tatanggalin na siya sa trabaho ng amo nila. Nahuli niya kasi si Julian na kumakain kahit hindi pa oras ng pagkain. Nagkasagutan sila hanggang sa nagdilim ang isip niya at napatay niya sa sakal ang amo niya. Nilitis siya sa kasong pagpatay at ang tanging naging alibi niya: Hindi ko po napigilan ang aking sarili!

## III. KAHULUGAN NG PAMAGAT

Ang pamagat na Tatlong Kuwento ng Buhay ni Julian Candelabra ay tumutukoy sa tatlong magkakaibang pangyayaring naganap sa buhay ni Julian Candelabra ngunit iisa lamang ang kinahantungan. Ang unang kuwento ay tungkol sa pagkuha niya ng pera sa pitaka ni Aling Sandra. Pangalawa ay ang naakit siya kay Aling Connie. At ang pangatlo ay ang napatay niya ang kanyang amo. Lahat ng mga ito ay dahil hindi niya napigilan ang kaniyang sarili at ang mga ito ay ikinawalang dangal ng kanyang ama.

## IV. MGA TEORYA/PANANALIG PAMPANITIKANG NAPAPALOOB SA AKDA

Realismo – ipinakikita sa teoryang ito ang katotohanang nangyayari sa tunay na buhay.
Nang mahuli ni Aling Sandra si Julian na kumuha siya ng pera at naging usap-usapan ito sa kanilang lugar at dahil dito ay naging mailap sa mga tao si Julian. Nagpapakita ito ng katotohanang kapag nagkamali ang isang tao ay tumatatak ito sa mga tao maging sa bata na nakagawa ng mali. Makakaapekto ito sa kanyang paglaki

Eksistensyalismo – sa teoryang ito hinahanap ang kahalagahan ng personalidad
ng tao at ang kapangyarihan ng kapasyahan laban sa katwiran.
Nang sinabihan ng among babae si Julian na tatanggalin na siya sa trabaho, sa una ay humihingi pa siya ng tawad at nagmamakaawa pa. Ngunit ng maisip niyang hindi dapat siya magmakaawa dahil wala naman siyang ginawang masama, at sawa na rin siyang magsabi ng hindi niya mapigilan ang sarili niya, nagawa niyang ipagtanggol ang sarili niya at sagutin ang amo niya.

## V. IMPLIKASYON

**Implikasyon sa Isip**
Ang maikling kwentong ito ay nagpapakita ng katotohanan na mas tumatatak sa ibang tao ang mga kamaliang nagawa na isang tao maski ng isang bata. Ipinakikita rin dito ang mga nagiging epekto ng panghuhusga sa isang bata.

**Implikasyon sa Damdamin**
May kirot sa puso habang binabasa ko ang akdang ito. Naawa ako sa batang si Julian dahil sa murang edad niya ay nakatanggap na siya ng mga panghuhusga. Totoong mali ang ginawa niya ngunit mas tumatak ang mga panghuhusga sa kanya kaysa sa latay na nakuha niya sa kanyang ama.

**Implikasyon sa Kaasalan**
Para akong nawalan ng pag-asa nang kung kailan pa nakayanan ni Julian na ipagtanggol ang kanyang sarili ay mangyayari ang pinakamalalang kasalanang magagawa niya dahil sa hindi niya makontrol ang sarili.

**Implikasyon sa Lipunan**
Ang maikling kwentong ito ay nagpapakita na ang temptasyon ay mapanganib. Kung mababasa ito ng marami, malalaman nila kung bakit kailangan nating matutuhang kontrolin ang ating sarili upang hindi tayo makagawa ng mga bagay na magdadala sa ating sarili at sa ibang tao sa kapahamakan.